
# Pagdemanda sa Small Claims Court [hukuman sa pag-angkin na mababang halaga]

Self-Prep & File

Magpunta sa **https://www.sanmateo.courts.ca.gov/ogf/** para sa isang program na makakatulong sa inyo na punan ang inyong mga form. O maghanap ng mga individual na form sa: **https://selfhelp.courts.ca.gov/find-forms?query=small%20claims**

## STEP 1: PUNAN ANG INYONG MGA COURT FORM



- **SC-100**: Plaintiff's Claim [pag-angkin ng nagsasakdal] at KAUTUSAN upang Magpunta sa Small Claims Court
- Kung kailangan ninyo na higit pang puwang upang isalaysay ang inyong kuwento, gamitin ang **MC-030**: Declaration [pagpapahayag]. Ilakip ito sa inyong SC-100.
- $30–$75 ang mga bayarin sa small claims, depende sa kung magkano ang inyong ipinagdedemanda. Kung hindi ninyo makakaya ang bayarin, maaari kayong humiling ng isang fee waiver [pagpaubaya sa kabayaran]: **FW-001** & **FW-003**.

## STEP 2: IHARAP ANG INYONG PAG-ANGKIN SA COURT




1. Gumawa ng 2 na copy ng SC-100 Plaintiff's Claim, 1 na copy ng mga form ng fee waiver (kung ginamit).
2. Ibigay ang mga dokumento at ang mga copy sa Clerk's Office.

Ibabalik sa inyo ng clerk ang mga natatakang copy at bibigyan kayo ng petsa ng paglilitis.

## STEP 3: SABIHIN SA KABILANG PANIG—SA LEGAL NA PARAAN—NA SILA AY IDINEMANDA



Tinatawag ito na Service [paghatid] at hindi ninyo magagawa na kayo lamang ng inyong sarili.

1. Isang tao na 18 ang edad o mas matanda, hindi kayo, ang mabibigay sa defendant [nasasakdal] ng copy ng SC-100 nang personal, o sa pamamagitan ng substituted service [kahalili na paghatid] (pagdadala sa isang physical address at sa koreo).
2. Pupunan ng tagapaghatid ang Proof of Service [katibayan ng paghatid]: **SC-104**.
3. Iharap ang Proof of Service.

May mga deadline para sa step na ito. Tiyakin na tingnan ang **website** para sa tulong.

## STEP 4: MAGHANDA PARA SA PAGLILITIS

Dapat kayong magdala ng katibayan upang alalayan ang inyong pag-angkin. Maging handa.

**1. Ang inyong mga kadahilanan sa paghiling ng itinakdang halaga ng pera na inyong inaangkin.**

*Maging detalyado. Makakatulong ang isang listahan.*

**2. Ang inyong katibayan, kagaya ng:**

- Mga bill, mga kontrata, napawalang bisa na mga tseke, mga resibo, mga letrato, at mga liham
- Mga printout ng mga electronic document, kagaya ng mga email, mga text message, o mga post sa social media
- Dalhin sa paglilitis ang mga original at 2 na copy ng bawat dokumento: 1 ang para sa judge, 1 ang para sa inyo, at 1 ang para sa defendant [nasasakdal].

**3. Mga saksi**

*Magdala ng mga saksi o mga pahayag ng mga saksi.*

- Sino ang makakatulong sa inyo na masabi sa inyong panig sa kuwento? Pumapayag ba silang magpunta sa paglilitis?
- Habang lumalapit ang petsa ng paglilitis, paalalahanan ninyo ang inyong mga saksi upang magpunta.

## STEP 5: SINGILIN / BAYARAN ANG HATOL

Kung makikita ng judge na kayo ang nasa pabor, kailangang maningil kayo ng inyong hatol. Kung natalo kayo, kailangang magbayad kayo ng inyong hatol. Maaari ding may iba pang mga pagpipilian. Tingnan ang **website** upang alamin ang mga iba pang paraan sa pagsingil sa isang hatol.

Para sa higit pang impormasyon, dalawin ang:
https://www.sanmateo.courts.ca.gov/selfhelp/